PROPOSISYON

63 MGA BARIL. PAGBEBENTA NG MGA BALA NG BARIL. INISYATIBANG BATAS.

63

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Hinihiling na dumaan ang mga tao sa isang pagsusuri ng kriminal na rekord at kumuha ng awtorisasyon ng Kagawaran ng Hustisya upang bumili ng mga bala ng baril.
- Ipinagbabawal ang pagdadala ng may malaking kapasidad na mga magasin ng baril, at hinihiling ang pag-aalis ng mga ito, gaya ng tinukoy.
- Hinihiling na ang karamihan ng mga pagbebenta ng bala ng baril ay gawin sa pamamagitan ng mga lisensiyadong tagabenta ng bala ng baril at iulat sa Kagawaran ng Hustisya.
- Hinihiling na ang nawala o ninakaw na mga baril at bala ng baril ay iulat sa tagapagpatupad ng batas.
- Ipinagbabawal sa mga taong napatunayang nagnakaw ng baril na magkaroon ng baril.
- Nagtatatag ng mga bagong pamamaraan para sa pagpapatupad ng mga batas na nagbabawal sa pagkakaroon ng baril.
- Hihiniling sa Kagawaran ng Hustisya na magbigay ng impormasyon tungkol sa mga pinagbawalang tao sa pederal na Pambansang Sistema ng Agarang Pagsusuri ng Kriminal na Rekord.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Nadagdagang mga paggastos ng pang-estado at lokal na hukuman at tagapagpatupad ng batas, posibleng nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon, na may kaugnayan sa isang bagong proseso ng hukuman para sa pag-aalis ng mga baril mula sa mga pinagbawalang tao pagkatapos na sila ay mapatunayang nagkasala.
- Posibleng pagtaas sa mga paggastos ng estado, na hindi malamang na humigit sa milyun-milyong dolyar taun-taon, at na may kaugnayan sa pangangasiwa ng pagbebenta ng bala ng baril. Ang mga gastos na ito ay malamang na mabawi sa pamamagitan ng mga kita sa singil.
- Posibleng kabuuang pagtaas sa pang-estado at lokal na mga paggastos sa bilangguan, na hindi malamang na humigit sa mababang milyun-milyong dolyar taun-taon, at na may kaugnayan sa mga pagbabago sa mga parusa sa baril at bala ng baril.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Mga Kabawalan sa Pagmamay-ari ng Baril at Bala

Sa ilalim ng batas na pederal at batas ng estado, hindi pinapayagang magkaroon ng mga baril ang ilang partikular na indibidwal. Kasama sa “mga taong pinagbabawalan” na ito ang mga indibidwal na (1) nahatulan ng malalaking pagkakasala at ilang maliit na pagkakasala (gaya ng pag-atake o pambubugbog), (2) napag-alaman ng hukuman na magdudulot ng panganib sa kanilang mga sarili o sa iba dahil sa sakit sa pag-iisip, at (3) may utos ng restriksyon laban sa kanila. Sa California, ang mga indibidwal na hindi pinapayagang magkaroon ng mga baril ay hindi rin pinapayagang magkaroon ng bala.

Regulasyon ng Mga Pagbebenta ng Baril

Ang batas na pederal at batas ng estado ay mayroong iba't ibang regulasyon na nauugnay sa mga pagbebenta ng baril, kasama na ang paglilisensiya ng mga mangangalakal ng baril. Kabilang sa mga nasabing regulasyon ang:

- ***Mga Pagsusuri sa Karanasan.*** Sa ilalim ng batas na pederal, dapat humiling ang mga mangangalakal ng baril ng mga pagsusuri sa karanasan ng mga indibidwal na gustong bumili ng mga baril mula sa Pambansang Sistema ng Agarang Pagsusuri sa Karanasan sa Krimen (National Instant Criminal Background Check System o NICS). Ang NICS ay maghahanap sa ilang pederal na database upang matiyak na ang bumibili ay hindi isang taong pinagbabawalan. Ayon sa pinapahintulutan ng batas na pederal, pinoproseso ng California ang lahat ng kahilingan sa pagsusuri sa karanasan mula sa mga mangangalakal ng baril sa estado nang direkta sa pamamagitan ng paggamit ng NICS at iba't ibang database ng estado.
- ***Pagtanggal ng Mga Baril Mula sa Mga Taong Pinagbabawalan.*** Ang Kagawaran ng Hustisya ng California (Department of Justice o DOJ) ay nagpapanatili ng database ng mga indibidwal na legal na bumili o nagparehistro ng baril sa estado. Ginagamit ng mga ahente ng DOJ ang impormasyong ito upang magtanggal ng mga baril sa mga indibidwal na hindi na pinapayagang magkaroon ng mga baril.
- ***Iba Pang Mga Regulasyon.*** Kabilang sa iba pang mga regulasyon ng estado na nauugnay sa mga baril ang: mga limitasyon sa uri ng mga baril na maaaring bilhin, sampung araw na panahon ng paghihintay bago maaaring bigyan ng baril ng mangangalakal ang isang bumibili, at mga iniaatas para sa pagrerekord at pag-uulat ng mga pagbebenta ng baril.

Sa pangkalahatan, nao-offset ng mga bayad na sinisingil sa mga mangangalakal at bumibili ng baril ang mga nagastos ng estado upang kontrolin ang mga pagbebenta ng baril.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPATULOY

Regulasyon ng Mga Pagbebenta ng Bala

Bago ang taong ito, hindi kinokontrol ng estado ang mga pagbebenta ng bala sa parehong paraan gaya ng pagkontrol sa mga baril. Noong Hulyo 2016, ang estado ay nagpatibay ng batas upang paigtingin ang regulasyon ng mga pagbebenta ng bala. Kabilang sa mga nasabing regulasyon ang:

- ***Mga Lisensiya para sa Pagbebenta ng Bala.*** Simula sa Enero 2018, aatasan ang mga indibidwal at negosyo na kumuha ng lisensiyang may bisa sa loob ng isang taon mula sa DOJ para sa pagbebenta ng bala. Hindi aatasan ang ilang partikular na indibidwal at negosyo na kumuha ng lisensiya, gaya ng mga lisensiyadong mangangaso na nagbebenta ng wala pang 50 round ng bala bawat buwan sa isa pang lisensiyadong mangangaso habang nangangaso. Upang makakuha ng lisensiya, kinakailangang ipakita ng mga mangangalakal ng bala na hindi sila mga taong pinagbabawalan. Bilang karagdagan, awtomatikong makakatanggap ng lisensiya para sa bala ang ilang partikular na entidad, gaya ng mga mangangalakal ng baril na parehong binigyan ng lisensiya ng estado at pederal na pamahalaan at mga tagabenta ng pakyawan ng baril. Kapag tatlong beses nang hindi nakasunod ang isang nagtitinda sa mga iniaatas sa pagbebenta ng bala, permanenteng mawawalan ng bisa ang kanyang lisensiya ng mangangalakal ng bala. Maaaring maningil ng bayad ang DOJ sa mga indibidwal at negosyong nanghihingi ng lisensiya para sa pagbebenta ng bala upang masuportahan ang mga gastos nito sa pangangasiwa at pagpapatupad.
- ***Pag-apruba ng DOJ para sa Pagbili ng Bala.*** Simula sa Hulyo 2019, aatasan ang mga mangangalakal ng bala na alamin sa DOJ sa oras ng pagbili na ang mga indibidwal na gustong bumili ng bala ay hindi mga taong pinagbabawalan. Hindi nalalapat ang iniaatas na ito sa ilang indibidwal, gaya ng mga taong pinapayagang magdala ng mga nakatagong armas. Bilang karagdagan, sa pangkalahatan ay aatasan ang mga mangangalakal ng bala na kolektahin at iulat ang impormasyon—gaya ng petsa ng pagbebenta, ang impormasyon ng pagkakakilanlan ng bumibili, at ang uri ng biniling bala—sa DOJ para sa pag-iimbak sa isang database sa loob ng dalawang taon. Ang hindi pagsunod sa mga iniaatas na ito ay isang maliit na pagkakasala (paparusahan sa pamamagitan ng pagmumulta at/o pagkakakulong sa kulungan ng county). Sa pangkalahatan ay maaaring singilin ng DOJ ang isang indibidwal na gustong bumili ng bala ng bayad na hanggang $1 sa bawat transaksyon upang masuportahan ang mga gastos nito sa pangangasiwa at pagpapatupad. Maaaring isaayos ng DOJ ang limitasyon ng bayad na ito taun-taon para sa implasyon.
- ***Iba Pang Mga Regulasyon.*** Simula sa Enero 2018, sa pangkalahatan ay iaatas ng batas ng estado na gawin ang karamihan ng mga pagbebenta ng bala (kasama na ang mga pagbebenta sa Internet at sa labas ng estado) sa pamamagitan ng lisensiyadong mangangalakal ng bala. Bilang karagdagan, simula sa Hulyo 2019, pagbabawalan ang karamihan ng mga residente ng California sa pagdadala ng bala sa estado nang hindi muna inihahatid ang bala sa isang lisensiyadong mangangalakal ng bala. Ang hindi pagsunod sa mga iniaatas na ito ay isang maliit na pagkakasala.

Katayuan ng Kasalukuyang Batas

Gaya ng tinalakay sa itaas, ang estado ay kamakailang nagpatibay ng batas upang paigtingin ang regulasyon ng mga pagbebenta ng bala. Ang estado ay kamakailan ding nagpatibay ng batas upang mas malimitahan ang pagmamay-ari ng mga magazine na maraming lamang bala at upang gumawa ng parusa para sa paghahain ng maling ulat sa pagkawala o pagkanakaw ng baril sa nagpapatupad ng batas. Magkakaroon ng bisa ang mga batas na ito maliban kung ihaharap ang mga ito sa mga botante bilang petisyon na reperendum. Kung mangyari iyon, tutukuyin ng mga botante kung magkakaroon ng bisa ang mga batas.

MUNGKAHI

Ang Proposisyon 63 (1) ay nagbabago sa regulasyon ng estado sa mga pagbebenta ng bala, (2) gumagawa ng bagong proseso ng hukuman upang matiyak ang pagtatanggal ng mga baril sa mga taong pinagbabawalan pagkatapos nilang mahatulan ng malaking pagkakasala o ilang partikular na maliit na pagkakasala, at (3) nagpapatupad ng iba't ibang pagkakaloob. Bukod pa rito, ipinapahayag ng Proposisyon 63 na maaaring baguhin ng Lehislatura ang mga pagkakaloob nito kung ang mga nasabing pagbabago ay "naaayon sa at nagsusulong sa layunin" ng panukala. Maaari lang gawin ang mga nasabing pagbabago kung 55 porsiyento ng mga miyembro ng bawat kapulungan ng Lehislatura ang nagpasa sa mga ito at ang panukalang-batas ay pinagtibay na maging batas.

Mga Pagbabago sa Regulasyon ng Estado sa Mga Pagbebenta ng Bala

Kabilang sa Proposisyon 63 ang iba't ibang regulasyong nauugnay sa pagbebenta ng bala. Papalitan ng ilan sa mga regulasyon ang kasalukuyang batas na may mga katulad na pagkakaloob. Gayunpaman, naiiba ang iba pang mga regulasyong iminumungkahi ng Proposisyon 63, gaya ng tinalakay sa ibaba.

Mga Iniaatas para sa Pagbili ng Bala. Kabilang sa Proposisyon 63 ang iba't ibang iniaatas para sa mga indibidwal na gustong bumili

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 63 pumunta sa pahina 164.

ng bala at upang makontrol ng DOJ ang mga nasabing pagbili. Sa partikular, ang panukala ay:

- Nag-aatas sa mga indibidwal na kumuha ng permisong may bisa sa loob ng apat na taon mula sa DOJ para sa pagbili ng bala at na alamin sa DOJ ng mga mangangalakal ng bala na ang mga indibidwal na bumibili ng bala ay mayroon ng mga nasabing permiso.
- Nag-aatas sa DOJ na ipawalang-bisa ang mga permiso mula sa mga indibidwal na kasama sa mga pinagbabawalan.
- Nagpapahintulot sa DOJ na singilin ang bawat taong nag-a-apply para sa permisong may bisa sa loob ng apat na taon ng bayad na hanggang $50 upang masuportahan ang iba't iba nitong gastos sa pangangasiwa at pagpapatupad na nauugnay sa mga pagbebenta ng bala.

Gayunpaman, may pinagtibay na batas ang estado noong Hulyo 2016 upang palitan ang mga nabanggit na pagkakaloob ng mga alternatibong pagkakaloob kung inaprubahan ng mga botante ang Proposisyon 63. (Pinagtibay ang batas na ito alinsunod sa pagkakaloob ng Proposisyon 63 na nagpapahintulot sa mga pagbabago na "naaayon sa at nagsusulong sa layunin" ng proposisyon, tulad ng naunang inilarawan.) Sa partikular, sa ilalim ng batas: (1) aatasan ang mga mangangalakal ng bala na alamin sa DOJ na ang mga indibidwal na gustong bumili ng bala ay hindi mga taong pinagbabawalan sa oras ng pagbili at (2) sa pangkalahatan ay maaaring singilin ng DOJ ang mga nasabing indibidwal ng hanggang $1 sa bawat transaksiyon. Ang mga pagkakaloob na ito ay katulad ng kasalukuyang batas. Gayunpaman, mas kaunting mga indibidwal ang malilibre mula sa pagsusuring ito kaysa sa ilalim ng kasalukuyang batas. Halimbawa, ang mga indibidwal na pinayagang magdala ng mga nakatagong armas ay sasailalim sa pagsusuring ito.

Mga Lisensiya para sa Pagbebenta ng Bala. Katulad ng kasalukuyang batas, inaatasan ng Proposisyon 63 ang mga indibidwal at negosyo na kumuha ng lisensiyang may bisa sa loob ng isang taon mula sa DOJ para sa pagbebenta ng bala. Gayunpaman, binago ng panukala ang mga uri ng mga indibidwal at negosyo na malilibre mula sa pagkuha ng lisensiya. Halimbawa, sa pangkalahatan ay inililibre ng panukala ang mga indibidwal at negosyo na nagbebenta ng maliit na bilang ng mga round ng bala mula sa iniaatas na kumuha ng lisensiya. Ang panukala ay nagsagawa rin ng iba't ibang pagbabago sa mga parusa para sa hindi pagsunod sa mga iniaatas sa pagbebenta ng bala. Halimbawa, nagtakda ito ng bagong parusa para sa krimen—sa partikular, isang maliit na pagkakasala—para sa hindi pagsunod sa mga iniaatas sa paglilisensiya ng nagtitinda.

Iba Pang Mga Iniaatas sa Bala. Pinagbabawalan ng panukalang ito ang karamihan sa mga residente ng California sa pagdadala ng bala sa estado nang hindi muna inihahatid ang bala sa isang lisensiyadong mangangalakal ng bala simula sa Enero 2018—isa at kalahating taon na mas maaga kaysa sa ilalim ng kasalukuyang batas. Bukod pa rito, kung hindi makakasunod sa iniaatas na ito, ang maliit na pagkakasala ay magiging pagsuway (paparusahan sa pamamagitan ng pagmumulta) para sa unang pagkakamali at alinman sa pagsuway o maliit na pagkakasala para sa anumang karagdagang pagkakamali. Inaatasan din ng panukala ang DOJ na iimbak ang ilang partikular na impormasyon ng mga pagbebenta ng bala sa isang database sa loob ng walang partikular na tagal ng panahon, sa halip na sa loob ng dalawang taon.

Gumagawa ng Bagong Proseso ng Hukuman para sa Pagtanggal ng Mga Baril

Ang panukalang ito ay gumagawa ng bagong proseso ng hukuman upang matiyak na ang mga indibidwal na nahatulang nagkasala na siyang nagbabawal sa kanila sa pagmamay-ari ng mga baril ay patuloy na hindi magkakaroon ng mga ito. Simula sa 2018, inaatasan ng panukala ang mga hukuman na ipaalam sa mga offender pagkatapos nilang mahatulan na dapat nilang (1) isuko ang kanilang mga baril sa lokal na nagpapatupad ng batas, (2) ibenta ang mga baril sa isang lisensiyadong mangangalakal ng baril, o (3) ibigay ang mga baril sa isang lisensiyadong mangangalakal ng baril para sa pag-iimbak. Inaatasan din ng panukala ang mga hukuman na magtalaga ng mga opisyal ng probasyon na mag-uulat kung ano ang ginawa ng mga offender sa kanilang mga baril. Kung mapag-alaman ng hukuman na mayroong matibay na ebidensya na mayroon pa ring mga baril ang isang offender, dapat nitong ipag-utos na tanggalin ang mga baril. Panghuli, maaaring maningil ng bayad ang mga lokal na pamahalaan o ahensiya ng estado upang bumalik sa kanila ang ilang partikular na nagastos sa pagpapatupad ng panukala (gaya ng mga gastos na nauugnay sa pagtatanggal o pag-iimbak ng mga baril).

Nagpapatupad ng Iba Pang Mga Pagkakaloob

Mga Iniaatas sa Pag-uulat. Kabilang sa panukalang ito ang ilang mga iniaatas sa pag-uulat na nauugnay sa mga baril at bala. Halimbawa, iniaatas ng panukala na iulat ng mga mangangalakal ng bala ang pagkawala o pagkanakaw ng bala sa loob ng 48 oras. Iniaatas din nito na iulat ng karamihan ng mga indibidwal ang pagkawala o pagkanaw ng mga baril sa loob ng limang araw sa lokal na nagpapatupad ng batas. Ang indibidwal na hindi magsasagawa ng nasabing ulat sa loob ng limang araw ay magkakaroon ng sala ng pagsuway para sa unang dalawang paglabag. Ang mga karagdagang paglabag ay papatawan ng maliit na pagkakasala. Pinapagaan din ng panukalang ito ang parusa para sa indibidwal na sadyang nagsumite ng maling ulat sa lokal na nagpapatupad ng batas mula sa maliit na pagkakasala patungong pagsuway at inaalis ang pagbabawal sa pagmamay-

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

ari ng mga baril sa loob ng sampung taon para sa nasabing indibidwal. Inaatasan din ng panukalang ito ang DOJ na isumite sa NICS ang pangalan, petsa ng kapanganakan, at pisikal na paglalarawan ng sinumang bagong taong pinagbabawalan.

Mga Magazine na Maraming Lamang Bala. Simula 2000, sa pangkalahatan ay pinagbawalan na ng batas ng estado ang mga indibidwal na magkaroon ng mga magazine na maraming lamang bala (ibig sabihin, naglalaman ng mahigit sa sampung round ng bala). Gayunpaman, pinapayagan ng batas ang mga indibidwal na mayroong mga magazine na maraming lamang bala bago ang 2000 na itabi ang mga ito para sa pansarili nilang gamit. Simula sa Hulyo 2017, pagbabawalan ng kamakailang pinagtibay na batas ang karamihan sa mga indibidwal na ito sa pagmamay-ari ng mga ganitong magazine. Ang mga indibidwal na hindi susunod ay magkakaroon ng sala ng pagsuway. Gayunpaman, may iba't ibang indibidwal na malilibre mula sa iniaatas na ito—gaya ng indibidwal na nagmamay-ari ng baril (nakuha bago ang 2000) na magagamit lang gamit ang magazine na maraming lamang bala. Inaalis ng Proposisyon 63 ang ilan sa mga pagkalibre na ito, at dinadagdagan din ang maximum na parusa para sa pagmamay-ari ng mga magazine na maraming lamang bala. Sa partikular, ang mga indibidwal na magmamay-ari ng mga nasabing magazine pagkalipas ng Hulyo 2017 ay magkakaroon ng sala ng pagsuway o maliit na pagkakasala.

Parusa para sa Pagnanakaw ng Mga Baril. Sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado, ang parusa para sa pagnanakaw ng mga baril na nagkakahalaga ng $950 o mas maliit pa, sa pangkalahatan, ay maliit na pagkakasala na paparusahan sa pamamagitan ng pananatili nang hanggang isang taon sa kulungan ng county. Sa ilalim ng panukalang ito, ang nasabing krimen ay isang malaking pagkakasala at maaaring maparusahan nang hanggang tatlong taon sa bilangguan ng estado. Bukod pa rito, ang mga indibidwal na nahatulan na dati ng maliit na pagkakasala para sa pagnanakaw ng isang baril ay pagbabawalang magmay-ari ng mga baril sa loob ng sampung taon. Sa kasalukuyan, walang ganoong pagbabawal para sa hatol na maliit na pagkakasala para sa pagnanakaw ng mga baril.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Mas Malaking Mga Gastos sa Hukuman at Pagpapatupad ng Batas. Ang bagong proseso ng hukuman para sa pagtatanggal ng mga baril mula sa mga taong pinagbabawalan pagkatapos nilang mahatulan ay magreresulta sa mas maraming trabaho para sa estado at mga lokal na pamahalaan. Halimbawa, magkakaroon ng mas maraming trabaho ang mga hukuman ng estado at kagawaran ng probasyon ng county upang matukoy kung may mga baril ang mga taong pinagbabawalan at kung isinuko na nila ang mga ito. Bilang karagdagan, magkakaroon ng bagong trabaho ang estado at lokal na nagpapatupad ng batas kaugnay ng pagtatanggal ng mga baril mula sa mga offender na nabigong isuko ang mga ito bilang bahagi ng bagong proseso ng hukuman. Maaari ding madagdagan ang mga gastos ng mga ito kaugnay ng pag-iimbak o pagbabalik ng mga baril. Ang ilan sa nadagdag na gastos sa pagpapatupad ng batas kaugnay ng pagtatanggal, pag-iimbak, o pagbabalik ng mga baril ay mao-offset kung mangongolekta at maniningil ang mga lokal na pamahalaan at ahensiya ng pamahalaan ng mga bayad para sa mga aktibidad na ito, ayon sa pinapayagan ng panukalang ito. Ang kabuuang lawak ng mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan na ito **ay maaaring milyun-milyong dolyar taun-taon.** Nakadepende ang mga aktuwal na gastos sa paraan ng pagpapatupad sa panukalang ito.

Potensyal na Mas Malaking Mga Gastos ng Estado sa Regulasyon. Sa kabilang banda, ang mga pagbabago ng panukala sa regulasyon ng mga pagbebenta ng bala ay maaaring magpataas sa mga gastos ng estado. Halimbawa, mas maraming indibidwal o negosyo ang malamang na masasaklawan ng mga iniaatas sa bala ng estado sa ilalim ng panukala. Ang aktuwal na epekto sa pananalapi ng mga pagbabago ay nakadepende sa paraan ng pagpapatupad sa mga ito at sa paraan ng pagtugon sa mga ito ng mga indibidwal. Tinatantiya namin na ang potensyal na pagtaas sa mga gastos ng estado ay malamang na hindi lalampas sa milyun-milyong dolyar taun-taon. Ang mga gastos na ito ay malamang na mao-offset ng iba't ibang bayad na pinahintulutan ng panukala at kasalukuyang batas ng estado.

Potensyal na Kabuuang Mas Malaking Mga Gastos sa Pagwawasto. Gumawa ng iba't ibang pagbabago sa mga parusang nauugnay sa mga baril at bala ang panukalang ito. Bagama't pinagaan ng ilang pagbabago ang mga parusa para sa ilang partikular na pagkakamali, pinabigat ng iba pang mga pagbabago ang mga parusa para sa ilang partikular na pagkakamali. Sa kabuuan, ang mga pagbabagong ito ay maaaring magresulta sa mas malaking mga gastos sa pagwawasto ng estado at mga lokal na pamahalaan, gaya ng pagbibigay ng matutuluyan sa mga indibidwal sa bilangguan at kulungan. Pangunahing nakadepende ang lawak ng mga nasabing gastos sa bilang ng mga paglabag at paraan ng pagpapatupad ng panukala. Ang potensyal na kabuuang paglaki sa mga gastos sa pagwawasto ay **malamang na hindi lalampas sailang milyong dolyar taun-taon.**

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 63 pumunta sa pahina 164.